

**HILMAR COUNTY DISTRITO NG TUBIG  
PATAKARAN SA PAGTIGIL NG RESIDENSYAL NA SERBISYO NG  
TUBIG**

Layunin

Ang patakarang ito ay itinatag alinsunod sa Senate Bill 998, kilala sa tawag na “Water Shut-off Protection Act” (Proteksyon sa Pagtigil sa Serbisyo ng Tubig) na inaprubahan ng Gobernador noong ika-28 ng Setyembre 2018.

Petsa ng Pagpapatupad

Ang patakarang ito ay ipapatutupad simula April 1, 2020.

Paglathala sa Iba-ibang Wika

Ang patakarang at ang mga nakasulat na paunawang kailangan sa patakarang ito ay ilalathala at mababasa sa English, ang mga wikang nakalista sa Seksyon 1632 ng Civil Code, kasama ang Kastila, Intsik, Tagalog, Vietnamese at Korean, at iba pang wikang ginagamit ng hindi bababa sa 10 porsiyento ng mga naninirahan sa lugar na pinagseserbisuhan ng Distrito.

Mga Kailangan Bago Itigil ang Serbisyo ng Tubig

- A. Hindi maaring itigil ng Distrito ang residensyal na serbisyo tubig dahil sa hindi pagbabayad ng kostumer maliban kung ang pagkadelingkwente ay lumampas sa animnapung (60) araw. Ang Distrito ay makikipag-ugnay, sa pamamagitan ng telepono o sulat na paunawa sa nakatalang kostumer hindi baba sa pitong araw ng trabaho bago itigil ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad.
- B. Kapag nakipag-ugnay ang Distrito sa nakatalang kostumer gamit ang telepono gaya ng binanggit sa talata (A), aalukin ng staff ang kostumer ng nakasulat na kopya ng patakarang ito. Mag-aalok din ang District Staff na pag-usapan ang mga alternatibong paraan ng pagbabayad upang maiwasan ang pagtigil ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, kasama, ngunit hindi limitado sa pagpapalit ng iskediyul ng pagbabayad, pagpapaliban ng pagbabayad, minimum na bayad, paraan ng paghingi ng amortisasyon ng hindi bayad na balanse, at petisyon sa pagrebisa at pag-apela ng bill.
- C. Kapag nakipag-ugnay ang Distrito sa nakatalang kostumer sa pamamagitan ng sulat na paunawa gaya ng binanggit sa talata (A), ang sulat na paunawa tungkol sa delingkwenteng bayad at nakatakdang pagtigil ng serbisyo ay ipapadala sa kostumer na nasa lugar na sineserbisuhan. Kung ang address ng kostumer ay hindi ang address ng lugar na tumatanggap ng residensyal na serbisyo, ang paunawang naka-address sa naninirahan o “Occupant” ay dapat pa ring maipahatid sa lugar na pinagseserbisuhan. Ang paunawa ay dapat maglaman, ngunit hindi limitado sa, lahat ng mga sumusunod na impormasyon na malinaw at maayos na mababasa:
  - a. Pangalan at address ng kostumer;
  - b. Delingkwenteng halagang dapat bayaran
  - c. Ang petsa ng pagbabayad o petsa ng pagbabayad na napagkasunduan sa alternatibong paraan ng pagbabayad, ay kailangang magawa sa loob ng 60

araw mula sa petsa ng pagiging delingkwente upang maiwasan ang pagputol sa residensyal na serbisyo maliban kung palalawigin ng General Manager ang petsa ng pagbabayad ayon sa kanyang diskresyon;

- d. Paglalarawan ng proseso sa pag-apply ng ekstensyon ng panahon upang mabayaran ang halaga ng delingkwenteng utang.
- e. Paglalarawan ng proseso ng pagpetisyon ng pagrerebisa at pag-apela ng bill.
- f. Paglalarawan ng pamamaraan kung paano hihiling ang kostumer ng pag-antala ng pagbabayad/deferred, halaga ng amortisasyon, pinababang halaga o alternatibong iskedul ng pagbabayad.

#### Mga Kailangan sa Masikap na Pagbigay ng Paunawa

Kung hindi maka-ugnay ng Distrito ang kostumer o sino mang nasa tamang edad na nakatira sa residensya gamit ang telepono, at kung ang paunawang ipinadala gamit ang koreo ay bumalik na “undeliverable”, sisikapin ng Distrito ng tumungo sa tirahan ng kostumer upang mag-iwan, o magpaskil ng paunawa sa isang hayag na lugar sa tirahan tungkol sa napipintong pagtigil ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad at mag-iwan din ng kopya ng patakarang ito.

Kung may isang nasa tamang edad sa naninirahan sa residensiya na nag-apela sa Distrito o iba pang administratibo o legal na kinatawan, ng singil sa tubig, hindi maaring itigil ng Distrito ang residensyal na serbisyo ng tubig habang ang apela ay nakabinbin.

#### Pagbabawal Laban sa Pagtigil ng Serbisyo ng Tubig

- A. Hindi maaring itigil ng Distrito ang residensyal na serbisyo ng tubig sa mga sumusunod na kondisyon:
  1. Ang kostumer o tenant ng kostumer, ay magsumite sa Distrito ng sertipikasyon mula sa primary care provider, na naka-define sa subparagraph (A) ng paragraph (1) ng subdivision (b) ng Seksyon 14088 ng Welfare and Institutions Code, na nagsasabing ang paghinto sa serbisyo ng tubig ay magdudulot ng panganib sa buhay, o magbabanta sa kalusugan at kaligtasan ng sinumang taong nakatira sa property.
  11. Ipinapakita ng kostumer na wala siyang pinansiyal na kakayahan upang bayaran ang serbisyo ng tubig sa loob ng normal na billing cycle ng sistema ng tubig. Ang kostumer ay itinuturing na "walang pinansiyal na kakayahang magbayad" kung sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng mga sumusunod na benepisyo: CalWORKS, CalFresh, general assistance, MediCal, SSI/State Supplementary Payment Program o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children; o idineklara ng kostumer na ang taunang kita ng kanilang sambahayan ay mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan (federal poverty level).

- m. Sumasang-ayon ang kostumer na pumasok sa kasunduang amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o planong ipagpaliban o bawasan ang babayang delingkwenteng singil.
- B. Kung natugunan ang lahat ng mga kondisyong nabanggit, aalukin ng Distrito ang kostumer ng isa o alinman sa mga sumusunod na alternatibo:
- 1. Amortisasyon ng mga hindi pa nabayaran.
  - 11. Pagsali sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad
- m. Pagbawas ng bahagi o buong balanse ng hindi bayad na singil na walang karagdagang singil sa ibang ratepayers o nagbabayad.
  - 1v. Pansamantalang pagpapaliban ng bayad.
- C. Ang General Manager ay wtorisadong magdesisyon kung aling paraan ng pagbabayad na nakasaad sa talata “B” ang pipiliin para sa kostumer at maaring mag-takda ng mga parameter ng napiling paraan ng pagbabayad, sa kondisyong ang pagbabayad ng natitirang balanse ay matatapos sa loob ng 12 buwan, at sa kondisyong ang General Manager ay maaari lamang mag-apruba ng bahagi o buong pagbawas sa hindi bayad na balanse ng bayarin kung ang pagbawas ay maaaring pondohan ng kita sa buwis sa pag-aari na naaprubahan ng District Board of Directors at malinaw na nalipat sa Water Fund budget para sa layuning iyon.
- D. Ang serbisyo residensyal ay maaaring matigil matapos ang limang (5) araw ng trabaho matapos na magpaskil ang Distrito ng pinal na paunawa ng intensyong itigil ang serbisyo ng tubig sa isang hayag na lugar sa property sa alinman sa mga sumusunod na pangyayari:
- I. Ang kostumer ay hindi nakasunod sa kasunduang hulugang pagbabayad o sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o sa planong pagpapaliban or pagbawas ng bayad sa delingkwenteng multa para makalipas ang animnapung (60) araw or higit pa.
  - II. Habang nagsasagawa ng kasunduang hulugang pagbabayad, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o sa planong pagpapaliban ng bayad ng delingkwenteng multa, ang kostumer ay hindi nagbayad ng kaniyang kasalukuyang babayaran sa serbisiyong residensyal nang animnapung (60) araw o higit pa.

#### Ang Pagbabalik ng Serbisyo ng Tubig

- A. Sa pagtigil ng residensyal na serbisyo ng tubig ng dahil sa hindi pagbabayad, ang Distrito ay agad na magbibigay sa kostumer ng impormasyon kung paano maibabalik ang residensyal na serbisyo. Para sa isang residensyal na kostumer na nagpakita sa Distrito na ang kita ng kanyang buong kabahayan ay mababa sa dalawang-daang (200) porsyento ng “federal poverty line”, ang Distrito ay gagawa ng mga sumusunod:
  - 1. Magtakda ng singil para sa reconnection na gagawin sa loob ng normal na oras ng trabaho sa singil na hindi hihigit sa limampung (\$50) Dolyar, o sa

aktwal na gastos sa pag-rekonekta kung ito ay mas mura. Para sa pag-rekonekta ng residensyal na serbisyo sa labas ng oras ng trabaho, ang Distrito ay mag-tatakda ng singil sa serbisyo ng pagrekonekta na hindi hihigit sa isang daan at limampung (\$150) Dolyar, o ang aktwal na gastos ng pag-rekonekta sa labas ng oras ng trabaho kung ito ay mas mura. Ang pinakamalaking maaaring singilin ay limampung (\$50) Dolyar sa pag-rekonekta tuwing oras ng trabaho at isang daan at limampung (\$150) Dolyar sa labas ng oras ng trabaho ay napapailalim sa taunang pag-aadjust batay sa mga pagbabago sa Consumer Price Index na magsisimula sa Enero 1, 2021. Gagamitin ng Distrito ang average ng mga lugar ng Los Angeles at San Francisco upang alamin ang itataas ng Consumer Price Index.

11. Ihinto ang pagsingil ng interes sa delingkwenteng bayarin minsan kada labingdalawang (12) buwan.

- B. Tatanggapin ng Distrito ang isang residensyal na kostumer na ang kabuuang kita ng kabahayan ay mas mababa sa dalawan (200) daang porsiyento ng pederal na linya ng kahirapan, kung may miyembro ng kabahayan na kasalukuyang tumanggap ng benepisyong mula sa CalWORKs, CalFresh, general assistance, Medi cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o kostumer na nagsabing ang kabuuang kita ng kabahayan sa isang taon ay mas mababa sa dalawan daang (200) porsiyento ng pederal na linya ng kahirapan.

#### Serbisyo sa Tirahang may Relasyong Landlord-Tenant

Kung ang Distrito ay nagbibigay ng kani-kaniyang metro sa bawat residensyal na serbisyo sa mga nakatira sa detached single-family dwelling, o sa isang “mult-unit” na istrukturang residensyal, o sa parke ng mobile home, o sa isang permanenteng istruktura sa loob ng labor camp na tinutukoy sa Seksyon I 7008, a kung saan ang may-ari o manager ng property ay ang kostumer na nasa rekord at responsable sa pagbabayad ng bill ng tubig, magsisikap ang Distrito na ipagbigay-alam sa mga residensyal na naninirahan, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, kapag ang account ay may pagkakautang at ang serbisyo ay puputulin sampung (10) araw bago ito mangyari. Ipaalam din ng nakasulat na abiso sa mga residensyal na mga naninirahan na mayroon silang karapatang maging kostumer, na tatanggap ng mga susunod na bill para sa tuloy na serbisyo ng tubig, na walang kaakibat na responsibilidad na bayaran ang hindi bayad na singil sa delingkwenteng account.

Hindi magkakaloob ng serbisyo ang Distrito sa mga residensyal na naninirahan maliban kung ang bawat isang naninirahan ay sasang-ayon sa mga kundisyon at tuntunin ng serbisyo at makakatugon sa mga kinakailangan ng batas at ng mga ordinasa, resolusyon, patakaran at regulasyon ng Distrito. Gayunpaman, kung isa o higit sa isa sa mga residensyal na naninirahan ay may kagustuhan at kakayahang tanggapin ang responsibilidad para sa mga sumusunod na mga singil sa account na katanggap-tanggap sa Distrito, o kung may isang pisikal na paraang ayon sa batas kung saan maaaring itigil ng Distrito ang serbisyo sa mga residensyal na naninirahan lamang na hindi nakasunod sa kinakailangan ng Distrito, ipagkakaloob lamang ng Distrito ang serbisyo sa mga residensyal na naninirahang nakasunod sa kundisyon at tuntunin ng serbisyo

### Mga Kailangan sa Pag-rereport

Irereport ng Distrito kada taon ang bilang ng mga itinigil na residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagagbayad sa Internet Website ng Distrito at sa State Water Resources Control Board.

### Mga Limitasyon ng Patakarang Ito

Walang isinasaad ang Patakarang ito na nagpipigil, nag-lilimita, o nakakaapekto sa abilidad ng Distrito na itigil ang serbisyo sa kostumer maliban sa mga malinaw na nakasaad na mga dahilan sa patakarang ito, kabilang ang, ngunit hindi limitado, ang mga hindi awtorisadong aksyon ng kostumer.

### Iba Pang Aksyon upang Masiguro ang Pagkolekta ng mga Delingkwenteng Singil

Wala na sa patakaran na ito ay restrict o hangganan ng distrito kakayahan na tiwasay sa mga katungkulan napabayaang tipon, o impose penalties huli, sa ibang paraan ng kautusan sa California, alituntunin at mga panuntunan, nonpayment kasama ang mga kabayaran, kaipunan county sa pamamagitan ng ari-arian buwis, o imposition liens ng ari-arian nang totoo.

## isang naitakda

kilala para sa kanya at delinquent re establishment ng serbisyo  
galing delinquent account ay nasasakupan disconnection ng tubig na serbisyo sa parokya gastos .  
hilmar county water district at sumunod sa kanya , kung naaangkop , nang naging pahayag  
delinquent o disconnection nagaganap ng serbisyo :

### A. matagal bayad

ang petsa ukol sa mga kasulatan ay ang 15th ng buwan . isang matagal bayad ay  
magiging assessed sa nakalipas na ukol sa mga kasulatan 25th ng buwan sa 8 : 30  
isang . m . mabisang abril 1 , 2020 bayad ay magiging mga huli \$ 10 . singko .

### B. tungkol sa re establishment ng paglilingkod

ay ang pagtatapat.....00 50  
ayon sa bilin ng oras.....00 100  
kabuuang gugol nang paglilingkod ay natatatag re pagkaraan ng oras \*.....00 150  
\* pagkatapos na maganap anumang oras ay pinansin upang maging sa labas ng karaniwang gawain modus  
na nasa pagitan ng 3 : 30 p . m . 7 at : isang 00 . m .

### C. karagdagang mga kabayaran

ng\$ limang. 00 bayad o ang pinakamataas na allowed sa pamamagitan ng kautusan ay  
ibinilin sa bawal connections o iba pang gamitin ang tubig na walang pahintulot.

mga kabayaran sa tubig disconnections ay magdagdag umahon totoong na madali . ito ang mga katungkulan  
nakabatay sa pagtaya ng bilang ng ng panganib na maaaring isama ang mga pampangasiwaan at operational  
tungkod panahon , behikulo gugol , at penalties sa gitna ng mga iba .

ang distrito ay kung kinakailangan , dahil sa walang bayad , upang maglagay ng mga kawani sa parokya ng  
lugar para sa mga layunin ng terminating serbisyo sa pagtatatag ng tubig ay magiging assessed , kung  
anuman ang di o paglilingkod ay terminated sa tubig .

( ang oras ay mabisang gaya ng abril 1 , 2020 )